

# 1

Nagising si Marco sa ring ng kanyang cellphone. Hindi siya kumilos mula sa pagkakadapa at nanatiling nakapikit habang hinahagilap ng isang kamay ang cellphone na nakapatong sa ibabaw ng bedside table. Nang makapa iyon ay aantok-antok pa na sinagot niya ang kung sino mang tumatawag.

“Hello,” walang gana at medyo paos pa ang boses na sagot niya.

“Marco! Pinagpipiyestahan ka na sa social media, natutulog ka pa din diyan! Gumising ka na and check your *Twitter* and *Facebook*. You’re all over the Internet!” Mataas ang boses ni Mama Lettish, ang baklang manager niya. Leticio talaga ang tunay na pangalan nito.

“Para ka namang bago nang bago, kumalma ka nga. Ang aga-aga high blood ka na naman,” inaantok pa ring sabi niya rito.

“Naku, Marco! Hindi ito ang oras para kumalma ako, talagang naha-high blood ako sa nangyayari! Gumising ka na diyan dahil hindi rin ito ang oras para matulog ka. Magbukas ka ng *Twitter* at *Facebook*

para malaman mo kung bakit ako nagtatatalak,” sabi pa nito, high pitch pa rin ang boses.

“Ano ba kasi ’yun, Mama Lettish? Sabihin mo na lang.” Medyo nagigising na ang diwa niya.

“Okay. May mga picture kang kumakalat sa Internet where you’re half-naked.”

“Sus, ’yun lang? May billboard nga ’kong naka-briefs lang, di ba?” Dumilat na siya at bumangon mula sa pagkakahiga. Nakaupo na siya at nakasandal sa headboard ng kama niya.

“Iba ’to, Marco! May kasama kang lalaki. It was made to look like you two slept together!” talak nito, parang gusto nang umiyak.

“What?” Tuluyan nang lumipad ang antok niya. “Saan nanggaling ’yun? Edited lang ’yan,” pambabalewala niya.

“How should I know, eh, ikaw ang nasa picture?” asar na balik nito.

“Hindi nga ako ’yan. I’ll call you back. I-che-check ko lang ’yang kumakalat na iyan.” Pagkasabi niyon ay pinutol na niya ang tawag.

Agad siyang nagbukas ng kanyang *Twitter* account. Napamulagat siya sa nakita. Paglabas na

paglabas ng home page ay ang naturang larawan niya nga kaagad ang bumungad sa kanya. Maraming beses na itong na-*ReTweet*. Ang pinagmulan ng post ay hindi pangalan ng tao ang ginamit na user name.

Sa larawan ay nakahiga siya sa isang kama, ang background ay tila isang hotel room. Ang kalahati ng katawan niya ay natatakpan ng puting kumot. Sa tabi niya ay isang lalaki na kasalo niya sa naturang kumot, kalahati lang din ng katawan nito ang natatakpan. Wala rin itong pang-itaas katulad niya. Magkaharap sila ng lalaki sa larawan at may ilang dangkal lang ang pagitan nila. At kahit kalahati lang ng mukha niya ang kita sa picture dahil nakatagilid ang pagkakahiga niya ay hindi pa rin maikakaila na siya iyon. Ang mga braso nila ay nakapaloob sa kumot at mistula silang magkayakap ng lalaki. Kung titingnan, tila nga katatapos lang nilang gumawa ng *milagro*.

Nagngangalit ang kanyang ngipin habang tinititigan ang larawan. Zinoom-in pa niya ito para tingnan ang mukha ng lalaking katabi niya, pero kahit anong titig ang gawin ni Marco roon ay hindi niya ito mamukhaan. Hindi nalalayo ang built ng katawan nito sa katawan niya. Medyo moreno ang lalaki, malayo sa kulay niyang maputi. Ang buhok ng lalaki ay semi-kalbo. Muli niyang tinitigan ang mukha nito. Nakapikit din ito sa larawan katulad

niya, mistulang natutulog din ito. Matangos din ang ilong. Sa tanang buhay niya ay hindi pa niya nakikita ang lalaking iyon kaya paano nangyari na magkasama sila sa larawan?

Normal naman sa show business ang mga intriga, but this was different. This was below the belt. Kung sino man ang may pakana na ikalat ang larawang iyon ay may intensyon talagang *sirain* siya.

Kahit ano ang gawin niyang halukay sa utak ay wala siyang maisip na may matinding galit sa kanya para gawin iyon.

Ilang buwan na siyang iniintriga na isa siyang bading. Hindi niya alam kung saan nanggaling ang tsismis na iyon at kung sino ang nagsimula. May mga lumalabas na blind items na siya ang tinutukoy ayon sa deskripsiyon ng mga reporters. Ayon sa isa, ang source daw ng bading issue niya ay mula rin sa isa sa mga naka-date niya. Pero tinatawanan niya lamang ang tsismis at hindi pinagtutuunan ng pansin. Hindi naman lingid sa kaalaman ng lahat ang mga nagiging involvement niya sa ilang babae, kapwa artista at mga modelo. Pero puro nakaka-date niya lang. Wala pa siyang nakakarelasyon ng seryoso. At alam iyon ng media dahil kahit wala siyang kinukumpirma tungkol sa mga nakaka-date ay nakukuhanan naman

si Marco ng larawan kasama ang ilan sa mga ito. Sa dami ng mga babae na nakasama na niyang lumabas ay hindi niya alam kung sino ang tinutukoy ng mga ito sa blind item na source daw ng reporter.

Para sa kanya ay hindi niya kailangang depensahan ang sarili tungkol sa mga malisyosong balitang iyon. Kilala niya ang sarili at kilala rin siya ng mga taong malalapit sa kanya. Maging ang mga fans niya ay hindi naniniwala sa tsismis na iyon. Kaya ipinagwalang-bahala niya lang iyon. Hindi niya akalain na aabot sa ganito. Matindi ang kagustuhan ng taong may pakana nito na masira ang pangalan niya.

Nasa kalagitnaan na si Marco ng kasikatan niya. Maraming kababaihan ang humahanga sa kanya. Isa siya sa pinakasikat na aktor. Sunod-sunod ang projects niya, movie, teleserye, commercials—lagi siyang laman ng telebisyon at laging nakapaskil ang mukha niya sa mga billboards sa *EDSA* at sa express way. Ngayon ay nanganganib mawala ang lahat ng iyon dahil lang sa larawang ito.

Hindi na niya binasa ang mga comments dahil siguradong puro negatibo lamang ang mababasa niya.

Muli niyang tinawagan ang kanyang manager. Nakakadalawang ring pa lang ay sinagot na kagad nito ang tawag niya.

“Hello? Nakita mo na?” bungad nito.

“Oo, kung sino man ang lalaking iyon, hindi ko siya kilala. Hindi ko alam kung paano nakuhanan ang larawang iyon. How can anyone believe that picture? Magpatawag ka ng press conference and I will deny everything. I will sue the bastard who took that picture, pati na ang lahat ng may kinalaman at may pakana nito!” nangigigil na sabi niya.

“We have to be smart about this, Marco. Kung idideny mo ang larawan at allegations, magmumukha lang tayong defensive.”

“Ano’ng gagawin ko? Mananahimik lang ako at hahayaan ang kung sino na tawagin akong bakla? I mean no offense, Mamang, I have nothing against gay people. Kaya lang ay hindi totoo ang ibinibintang nila sa akin.”

“Alam ko, kaya nga kailangang isipin nating mabuti ang susunod nating hakbang. It will be best kung mananahimik ka muna. Magpalamig ka. Huwag ka munang umalis diyan sa condo unit mo hangga’t maaari. Let me think first kung ano ang dapat nating gawin para maayos ang problemang ’to.”

“I want to know kung sino ang may pakana nito,” sabi niya.

“We will. Paiimbestigahan natin ito, huwag kang mag-alala. I promise, hindi ako papayag na hindi malinis ang pangalan mo mula sa eskandalong ito. Just listen to me, okay? Mag-lie low ka muna.”

“Okay. Pero paano ang mga commitment ko?”

“Ako na ang bahala roon. For the meantime, mas makakabuti kung hindi ka muna magpapakita lalo na sa mga reporters habang masyado pang mainit ang issue na 'to. Just relax. I will handle everything. Trust me.” Kalmado na ang boses nito.

Napabuntong-hininga na lamang siya. “Okay.”

“Let'shang up, maymgakakausapin lang akong tao.”

“Mamang,” habol niya bago nito tuluyang maibaba ang linya.

“O?”

“I'm sorry about this,” mahinang sabi niya.

“Me, too. But I know it's not your fault, so just relax. Hayaan mong ako ang mamroblema kung paano aayusin ito.”

“Salamat, Mamang.”

“I have to go, I'll call you again later.” Nawala na ito.

Nanatili si Marco sa kanyang pagkakaupo sa kama. Hindi pa rin siya makapaniwala sa nangyayari. Lahat ng pinaghirapan niya ay nanganganib mawala sa isang iglap. Kahit sinabi na ni Mama Lettish na huwag siyang mag-alala at ito na ang bahalang umayos niyon ay hindi pa rin niya mapigilan ang mag-isip.

Nasa fourth year college siya sa kursong Mass Communication nang makilala ang manager. Nag-judge ito sa kanilang eskwelahan para sa *Mr. and Ms. Campus* at masuwerteng naiuwi niya ang titulong *Mr. Campus*.

Nang matapos ang patimpalak ay nilapitan nito si Marco, binigyan ng calling card at inalok kung gusto niyang maging commercial model. Pinaunlakan naman niya ito. Inimbita siya nitong mag-audition para sa isang commercial ng facial wash na pang-teens. Ang gaganapan niya ay love interest ng babeng main model. Suwerteng siya ang natanggap sa audition. Natuwa sa kanya ang manager kaya ini-line up pa siya nito sa ibang commercials. Pero dahil hindi pa siya tapos ng pag-aaral, paisa-isa lamang ang project na ginagawa niya. Lahat ay puro TV commercials.

Nang tuluyan na siyang makapagtapos ay inalok



siya nito kung gusto niyang maging artista. Pumayag siya. Dahil bukod sa nagustuhan niya ang malaking kinikita sa mga commercials ay gustong-gusto rin niya ang pakiramdam na nasa harap ng camera.

Hindi muna siya nito isinabak sa mga pelikula at palabas sa telebisyon. Ipinasok muna siya nito sa mga work shops—singing, dancing at acting. Ginastusan nitong lahat ang mga work shop na iyon. Malaki ang bilib ni Mama Lettish sa kanya dahil nakitaan na siya nito ng talent bago pa man siya magsimula sa mga work shop. Natural na natural daw siya sa harap ng camera. Bukod sa talentong mayroon siya ay nakadagdag pa ang hitsura niya sa kasikatan na meron siya ngayon.

May taas siyang five feet eleven inches. Ang kutis niya ay makinis at natural na maputi dahil may lahi silang Español. Ang buhok niya ay natural na alon-alon, expressive ang mga brown niyang mata na medyo may kalaliman. Medyo mataas ang bridge ng ilong niya kaysa sa pangkaraniwan, perpekto ang pagkakatangos niyon. Ang mga labi niyang manipis at may Cupid's bow ang double curve ng upper lip.

Sinamahan pa iyon ng magandang built ng kanyang katawan. Ang malapad niyang mga balikat at dibdib na kapag nakasuot siya ng fit na T-shirt ay

kitang-kita ang muscle na nakaumbok doon. Ang flat niyang tiyan na kumpleto sa six-pack. Ang mga hita niya at binti na matatag pagmasdan kapag siya ay nakatayo. Lalaking-lalaki ang hitsura niya.

Pero sa panahon ngayon, sapat na nga siguro ang isang larawan para papaniwalain ang kahit sino na bakla ang isang lalaki. Hindi si Marco ang kaunahang-unahang “lalaking-lalaki” ang hitsura na naintrigang bakla. At maraming “lalaking-lalaki” tingnan ang totoong miyembro ng third sex.

Sabi nga, a picture is worth a thousand words. These days, ang pagkalat ng larawan at masamang balita ay napakabilis dahil sa social network. Kahit alam niya ang katotohanan, at alam ng publiko na hindi siya isang binabae, kapag nakita ang larawang iyon, kahit sinong hindi siya kakilala ng personal ay magkakaroon ng pagdududa sa pagkalalaki niya.

Naputol ang kanyang pag-iisip nang muling tumunog ang kanyang cellphone. Tiningnan niya kung sino ang tumatawag: ang kanyang ina. Nakita na rin siguro nito ang larawan. Sinagot niya iyon.

“Mom?”

“Anak, kumusta ka? Nabalitaan ko ang nangyari.”  
Bakas ang pag-aalala sa boses nito.

“I’m not okay, Mom. Can I come over?” Talagang naapektuhan siya sa nangyayari.

“Of course. Makakabuti pa nga na nandito ka, para mabawasan ang pag-aalala ko.”

“Thanks, Mom.” Ibinaba na niya ang telepono.

Nakaramdam si Marco ng sakit ng ulo sa sobrang pag-iisip. Nagtungo siya sa banyo para maligo. Hindi niya kayang manatili lang sa loob ng condo unit niya. Mabuti pa nga sigurong umuwi na lamang muna sa bahay ng mga magulang niya sa Las Piñas.

Matagal na siyang bumukod ng tirahan. Dahil maganda ang takbo ng kanyang karera at maayos ang kita niya, nakapag-ipon siya para makabili ng sariling condominium unit sa Quezon City. Mas madali rin iyon job-wise sa katulad niya na hectic ang schedule, kaysa lagi siyang manggagaling ng Las Piñas.

Mabilis lang siyang naligo, at nagbihis ng komportableng damit. White cotton T-shirt lamang ang isinuot niya at maong na pantalon, na tinernuhan niya ng low cut rubber shoes. Kinuha niya ang itim na baseball cap na nakasabit sa likod ng pinto ng kanyang closet. Kumuha rin siya ng itim na sunglasses.

Kinuha niya ang susi na nasa sabitan at lumabas na ng kanyang tinutuluyan. Siniguro niya munang

naka-lock iyon bago tinungo ang elevator. Sumakay siya roon at pinindot ang button na may nakalagay na letter P para sa parking lot. Ilang sandali lang ay nakababa na siya. Tinungo niya ang sasakyan at pinaandar agad iyon.

May mga mangilang-ngilan siyang reporter na nakitang nakaabang sa labas ng building. Nagsimulang magtakbuhan ang mga ito papunta sa gawi niya pero hindi niya pinansin. Binilisan niya ang pagpapatakbo sa sasakyan para hindi na magtangkang lumapit ang mga ito.

Halos dalawang oras din siyang nagbiyahe. Pagdating sa subdivision nila ay napahinto si Marco. Sa entrance ay may mga reporter din na naghihintay. Pinipigilan ng mga security guard ang mga ito kaya hindi makapasok.

Nagkagulo lalo ang mga ito nang makilala ng isang reporter ang kanyang sasakyan. Nagtakbuhan ang mga ito papunta sa gawi niya.

“Shit!”

Lalo na siyang hindi nakaandar dahil naharangan na ng mga reporter ang dadaanan niya. Hinawi naman ang mga ito ng mga security guard na naka-duty roon para makapasok siya nang tuluyan. Nagpumilit pa rin

ang mga reporter na humabol sa kanya.

Paglagpas niya sa entrance ay matiwasay na siyang nakarating sa bahay ng mga magulang. Bumusina si Marco, ilang sandali lang ay may katulong na humahangos para magbukas ng gate. Pumasok siya sa driveway, inayos ang pagkakaparada ng sasakyan at pagkatapos ay pinatay ang makina niyon.

Sinalubong siya ng kanyang ina.

“Marco,” sabi nito, nakabuka pa ang mga bisig para yakapin siya.

“Mom.” Niyakap niya ito at hinalikan sa pisngi nang makalapit siya rito.

“How are you?” tanong nito.

“Not good,” maiksing sagot niya. Magkaakbay silang pumasok sa loob ng bahay.

“Sino ba ’yung lalaking kasama mo d’un sa litrato? Saan ba nanggaling ang picture na ’yun?” tanong nito nang nasa sala na sila. Naupo sila sa sofa na naroon.

“I don’t know that guy, Mom. I don’t even know kung saan nanggaling ang picture na ’yun o kung paano nakuhanan ’yun. Don’t believe those pictures.”

“Of course I don’t, anak kita kaya kilala kita, at kung bakla ka, you think I wouldn’t know? I am just worried sa damage na gagawin n’un sa ’yo. Pagpipiyestahan ka lalo ngayon ng mga reporter.”

“Sinabi n’yo pa, muntik na nga po akong hindi makapasok dahil may mga nag-aabang sa labas. Mabuti na lang at napigilan ng mga security guard,” kuwento niya.

“Ano’ng sabi ng manager mo? Hindi ba kayo magpapatawag ng conference para madepensahan mo naman ang sarili mo?”

“Ang sabi ni Mamang, mas makakabuti raw kung huwag muna akong magsasalita. Baka magmukha daw kaming defensive, baka mas lalo pang makasama,” paliwanag niya.

Hindi kumibo ang ina.

Nahilamos niya ang mga palad sa sariling mukha.

“Ano na ngayon ang balak mo?” tanong ng kanyang ina.

“I just want to get away, away from all of this.” Nagpakawala siya ng buntong hininga.

“Why don’t you just stay here muna? Dito ka na lang tatal mag-isa ka lang din naman sa condo unit

mo. At least dito makakasama pa kita. We could spend time together.”

“I can’t. Baka dito naman manggulo ang mga reporters. Siguradong sa mga darating na araw, madadagdagan pa ’yang mga naghihintay sa labas. Ayokong pati kayo ni Dad ay magulo. Nakita na ba niya? Ano nga pala’ng sabi niya?”

“Tinawagan ko siya kanina sa opisina niya. Siyempre hindi rin siya naniniwala.”

Mabuti na lang at ang mga magulang niya ay laging nakasuporta sa kanya.

“Kung d’un ka kaya muna sa bahay ng mga lolo mo? Oo, tama. It’s not that far, but you’ll have some privacy habang nand’un ka. Magkakaroon ka pa ng bagong environment. I don’t think Gabby would mind,” sabi nito.

Si Gabby ay ang ampon ng mga lolo’t lola niya. Ito lang ngayon ang nakatira sa bahay ng grandparents niya sa Olongapo. Nasa Australia ang matatanda.

The girl had a crush on him and never really got over it. Alam niya dahil hindi nito iyon itinago. Sa kabila ng problema ay hindi niya maiwasang mapangiti nang maalala ito.

## 2

“Tsk, tsk. Ikaw na naman ang laman ng balita,” napapailing na bulong ni Gabby sa sarili habang nanonood ng TV. Nasa showbiz segment na ang balita at ang bida sa showbiz news ay walang iba kundi si Marco Avila.

Ang latest tsismis tungkol dito ay isa itong bakla dahil may kumakalat itong hindi kaaya-ayang larawan sa social media. Sa totoo lang, nakakatawa iyon. Marco could be anything, but being gay was not one of them

Si Marco ay apo ng mga kumupkop sa kanya.

Ang nanay niya ay dating katulong ng mga Avila. Buntis na ito nang mamasukan itong kasambahay. Ang ama niya ay isang Amerikanong sundalo na nakabase noon sa Subic. Bigla na lang daw umano itong naglaho at hindi na nagparamdam sa nanay niya nang malaman nitong ipinagbubuntis siya.

Ikinuwento lamang iyon sa kanya ng Mamay at Papay, iyon ang tawag niya sa mga lolo at lola ni Marco. Ang mga ito ang kumupkop sa kanya. Ang ina niya ay namatay sa panganganak sa kanya. May sakit



pala ito sa puso at hindi nakayanan ang panganganak.

Kahit na ibang tao ang nagpalaki kay Gabby ay hindi niya naramdamang may kulang sa pagkatao niya. Siguro dahil kahit na hindi niya kadugo ang kinagisnang mga magulang ay itinuring naman siya ng mga ito na parang tunay na anak. Mula pagkabata ay ang mga ito na ang naging guardian niya. Hindi siya in-adopt ng mga ito legally kaya ang apelyidong dala niya ay sa kanyang ina pa rin. Ang katwiran ng mga ito, baka bumalik ang kanyang ama at ayaw ng mga ito na magkaroon siya ng problema sakaling gustuhin nito na kuhanin siya.

Pero dalawampu't anim na taon na ang lumipas ay wala pa rin siyang balita mula rito. And honestly, okay lang sa kanya kung hindi na niya mahanap pa ang tunay na ama. Kahit na ibang tao ang kumupkop sa kanya ay malaki ang pasasalamat niya dahil ramdam niya ang pagmamahal ng mga ito sa kanya.

May dalawang anak sina Mamay at Papay. Isang lalaki at isang babae. Ang babae na siyang bunso ay nakapag-asawa ng Australian at dinala ng napangasawa sa ibang bansa. Sa ngayon ay nasa Australia rin ang mga kumupkop sa kanya. Kinuha ang dalawa ng anak nang ma-approve ang pagiging citizen doon.

Naiwan siya sa Pilipinas at siya ang nangangalaga sa naiwang tirahan ng mga ito sa Olongapo.

Si Marco ay apo ng mga ito sa panganay na anak na si Ricardo Avila na nakabase na sa Maynila. Mayroon itong trucking business. Noong una ay may kasosyo itong kaibigan sa nasabing negosyo, pero nang mag-migrate ang business partner nito sa America kasama ng buong pamilya at ibinenta na lamang sa kanyang Tito Ricardo ang share nito. Mula noon, tuluyan nang lumipat ang pamilya nito sa Maynila.

Naputol ang pagmumuni-muni ni Gabby nang makarinig siya ng sasakyan sa labas ng bahay. Kunot-noo siyang sumilip sa bintana. Nakita niyang bumababa mula sa kotse si Marco. Agad siyang lumabas ng bahay at sinalubong ito.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” gulat at nagtataakang tanong niya nang makalapit dito. Kinukuha ng lalaki ang mga gamit nito sa backseat ng sasakyan.

“Hello to you, too, babe! Na-miss mo ba ’ko?” Nakangisi ito. Nang makuha ang lahat ng mga gamit ay nauna na itong pumasok sa bahay.

Sumunod siya rito. “Bakit nandito ka?” ulit niya nang nasa loob na sila.

Inilapag nito ang mga gamit sa sahig at naupo sa sofa, iniangat pa ang mga paa sa center table. Nanatili siyang nakatayo at nakatunghay rito.

“I’m gonna stay here. Baka nami-miss mo na ’ko, eh.” Tumingala pa ito sa kanya.

“Miss mo’ng mukha mo,” sabi niya at sinipa ang paa nito para makadaan at naupo sa kalapit na upuan. “Dito ka magtatago sa mga reporter, ano?”

“Alam mo naman pala, eh.”

“Hindi ka dapat dito magtago, masusunan ka agad nila rito. Dapat sa ibang bansa, para very far.”

“Expensive, eh. Isa pa, walang makakasunod sa ’kin dito. Ito ang secret place ko. Only a few people know about this place—you, me, my parents and my manager.”

“Siguraduhin mo lang, ha. Baka magising na lang ako isang umaga, sinusugod na ng mga reporter itong bahay.”

“Don’t worry. Kapag nangyari ’yun, no one’s going to take your picture. They only want mine. At saka, bakit ba ganyan ang reaksyon mo? Parang di mo ako crush kung makapagsalita ka. Hindi ka ba natutuwang makita ako?”

“Ewan ko sa ’yo. Matutulog na ’ko, may pasok pa ’ko bukas. Bahala ka na sa sarili mo.” Tumayo siya at naglakad patungo sa kuwarto niya.

“Hindi mo ba ’ko pakakainin ng lutong-bahay?” sigaw ni Marco nang nakalayo siya.

“Hindi ako marunong magluto!” pasigaw niya ring sagot bago pumasok ng kuwarto at isara ang pinto sa likuran niya.

---

Naiwan sa sala si Marco habang sinusundan ng tingin si Gabby na papasok sa kuwarto nito. Napailing na lang siya nang marinig ang pabalabag na pagsara ng pinto. Alam niyang hindi nagdadabog si Gabby, sadyang ganoon lang talaga ito. Mula pagkabata ay may pagkabargas na ito. Dahil siguro malaking babae kaya mas obvious ang pagiging bara-bara nito. Kaunti na lang ay halos kasing-taas na niya ito.

*Mabuti na lang sexy, dahil kung hindi ay baka mapagkakamalan itong bakla.* Napapikit siya sa naisip, naalala ang kinakaharap na problema.

Sa totoo lang, hindi niya alam kung saan magsisimula o kung paano patutunayan ang pagkalalaki niya. Malupit pa naman ang publiko. One moment they love you, and then the next moment

they're going to bash you like you're the most horrible and most hated person in the world.

Naisip na niyang paimbestigahan ang CCTV ng hotel kung saan kinuha ang litrato. Pero saang hotel? Anong hotel? Ang tanging background lamang ng malisyosong litrato niya ay ang puting bedsheet at kumot. Naging maingat ang kumuha ng larawan.

---

“Gab! Wake up!” Ang tinig na iyon at ang kasunod na katok sa pinto ang gumising kay Gabby.

“Go away! Maaga pa 'ko bukas,” taboy niya sa kumakatok.

“Gab, I can't sleep,” pangungulit pa ng nasa pinto.

Hindi niya ito sinagot. Baka pag hindi siya nagsalita ay tumigil din sa panggigising ang binata. Pero nagkamali siya. Patuloy ang pagkatok nito.

“Gab...”

Hindi pa rin siya sumagot. Nagtakip siya ng unan sa tainga para hindi ito masyadong marinig. Parang nakikita siya ng binata mula sa labas na lalo pa nitong nilakasan ang pagkatok.

“Gabriella!” sigaw nito sa pinto.

Inis na inihagis niya ang unan at bumangon mula sa kama. Binuksan niya ang pinto. “What?”

“I can’t sleep,” parang batang sabi nito.

“Magbilang ka ng tupa,” sabi niya, akmang isasarang muli ang pinto pero naiharang nito ang paa.

“Labas ka muna dito, kuwentuhan tayo.”

“Utang na loob, Marco, alas seis ng umaga ang pasok ko bukas,” sabi niya rito. Isa siyang elementary teacher.

“Please? Hindi ako makatulog. Kailangan ko ng kausap.” Eksaherado pa nitong pinalungkot ang mukha.

She scoffed and opened the door widely to step out of her room. Naglakad siya papunta sa sala habang nakasunod ang binata sa kanya. Pabagsak na umupo siya sa sofa at ganoon din ang ginawa nito.

“Kainis ka, nandadamay ka sa puyat,” sabi niya rito. “Ano ba’ng gusto mong pag-usapan?”

“Hindi mo ba ’ko tatanungin kung totoo ’yung balita tungkol sa ’kin?”

“Bakit naman kita tatanungin, eh, alam ko

namang hindi ka bakla.” Napahikab siya, inaagaw pa rin ng antok ang diwa niya. “Paano na ’yan? Hanggang kelan mo balak magtago dito?”

“I don’t know, honestly. Ang sabi ng manager ko, mas makakabuti kung mananahimik muna kami. Baka magmukha lang akong in denial kapag itinanggi ko agad-agad ang accusation.”

“Paano na ang career mo?” Napahikab siya.

“Ewan ko, I am worried. I could lose everything over this,” mahinang sabi nito, bakas sa mukha ang pag-aalala.

Nasa rurok na ito ng kasikatan. Kilala niya ito. Kung anuman ang ginagawa nito ay pinagbubuti nito iyon. He was very passionate about acting, about being an actor. Naalala ni Gabby noong high school sila. Kapag may mga school play ay lagi itong bida. He loved being in the spot light. He found self-fulfillment in acting. Bonus na lang siguro na kumikita ito nang malaki. Ang recognition na natatanggap nito sa ginagawa, iyon marahil ang totoong pride nito sa pag-aartista. He was not just a pretty face on the screen. He was a good actor. At nanganganib iyong mawala dahil sa isang walang kuwentang picture.

“Maybe you’re worrying too much. Everything

will turn out fine, I'm sure.”

“How can you say that?” Humarap ito sa kanya.

“Because you are Marco Avila. Three times best actor. You are good at what you do. Hindi ka basta-basta masisira ng isang picture lang. Hindi basta-basta maniniwala sa ibinibintang sa 'yo ang fans mo.”

“Are you sure?”

“Yes. Maniwala ka lang. Kapit lang.” Binigyan niya pa ito ng isang ngiti.

“Thanks.”

Kung ano-ano pa ang napag-usapan nila. Kinuwentuhan siya nito tungkol sa mga kasamahang artistang nakakatrabaho nito. Kung sino ang mabait sa harap at likod ng camera. Kung sino ang mga may attitude problem. Kung sino ang pinakanagustuhan nitong katrabaho. Napunta rin ang usapan nila tungkol sa mga nakaka-date nito. It turned out na iyong mga nasa balita na nakaka-date nito ay totoo, hindi pa kasama iyong iba na naitago nito sa mata ng mga reporters. He had really become a womanizer.

Kung nagkataon pala na pinatulan nito noon ang kahibangan niya ay baka every week ay umiiyak siya. Nagsimulang ma-develop ang crush niya rito noong



nasa high school sila bago pa lumipat ang mga ito sa Maynila. Hindi niya alam kung nadala lang din siya ng iba niyang mga kaklase na laging ito ang pinag-uusapan.

Halos lahat ng classmate niyang babae ay may gusto rito. Dahil nga lagi itong topic ng mga kaibigan niya noon ay unti-unting napansin ni Gabby ang mga good qualities nito. Umusbong ang pagsintang pururot niya para rito. Unti-unti siyang na-attract. At dahil bata pa siya ay ipinagkamali niyang pag-ibig na ang nararamdaman niyang paghanga para sa lalaki.

Nahimasmasan lang siya nang sinubukan niyang mag-confess dito. Sinabihan siya nitong ang lakas daw niyang mag-trip, may kasama pang tawa. Akala nito ay nagjo-joke siya.

Para siyang binuhusan ng malamig na tubig noon. Napahiya siya sa sarili niya. Pero sinarili na lamang ni Gabby iyon, hindi siya nagpahalata noon sa binata at pinanindigan na lang ang sinabi nitong nagbibiro lang siya.

Bakit nga naman ito magkakagusto sa kanya? Lumaki silang magkasabay. They were raised like brother and sister. At baka hanggang kapatid lamang ang turing nito sa kanya.

Hanggang sa naka-get over din siya sa pangre-reject nito sa kanya. Nabuking lang nito na totooing may crush siya rito dahil sa kadaldalan ng isa sa mga kaibigan at kaklase niyang si Suzy Mabanta. May gusto rin noon ang naturang kaklase sa binata at ginamit nito ang impormasyong iyon para siguro maka-points o makapagpapansin kay Marco.

Pero *wa epek* iyon sa binata dahil matapos magsumbong ni Suzy ay hindi na ulit pa ito kinausap ni Marco. Medyo suplado pa noon ang lalaki. Nawala lang ang ugali nitong iyon nang pumasok na ito sa show business.

But when he found out about her crush on him, ang akala niya ay iiwasan na siya nito o maiilang sa kanya. Instead, he teased her about it every chance he got. He treated it like it wasn't a big deal. Ipinagpapasalamat niya iyon. Dahil kung nagkataong iniwasan siya nito ay baka nanliit siya sa hiya sa sarili.

Pero aaminin ni Gabby na hindi na nawala ang paghanga niya para rito. Hindi naman siguro masama kung crush niya ito.

*Crush lang naman, bulong ng isip niya.*

Hindi naman iyon kataka-taka dahil guwapo talaga ito. At dahil magkasabay silang lumaki, kilala

niya ang ugali nito at alam niya na isa itong mabuting tao, mapagmahal lalo na sa mga magulang nito at mga lolo at lola. At kahit isang beses ay hindi siya itinuring nito na ibang tao kahit pa alam nito na hindi sila magkaano-ano.

Growing up with him made her youth exciting and fun.

“Siguro kung pinatulan mo noon ’yung kalokohan ko ’tapos totoong *nagkainlaban* tayo, malamang laging sawi ang puso ko sa ’yo. Ang dami mong babae!” sabi niya rito.

“Hindi naman siguro. Baka kung naging tayo ’tapos nagtagal tayo o nagkatuluyan, malay mo I can be a faithful boyfriend pala, or husband,” depensa nito sa sarili.

“Ang sabihin mo, baka hindi ka ganito kasikat kung tayo pa rin hanggang ngayon. Siyempre, bawas pogi points ’yun sa mga fangirls.”

Nagkibit-balikat ito. “I don’t know. There’s no way to tell.”

“At least, you have accomplished a lot. I’m really proud of you. Kapag nakikita ka nga namin ng mga co-teachers ko sa TV sinasabi ko sa kanila na kilala kita. Kaya lang hindi sila naniniwala.”

“Really? Why?”

“Ewan ko sa kanila. Baka hindi lang sila makapaniwala na ang isang Marco Avila ay makikipag-associate sa Amerikanang hilaw na katulad ko.”

“*Sira*, Amerikana ka talaga, half-cooked nga lang.”

Hindi na niya alam kung anong oras sila nakatulog. Hindi rin niya alam kung sino ang unang nakatulog sa kanila. Naramdaman na lang niya ang sarili na biglang napabalikwas mula sa pagkakahiga.

Nagtaka pa si Gabby nang mamulatan ang sala. Napatingin siya kay Marco na natutulog sa kabilang panig ng sofa. Naalala niya na ginising nga pala siya nito para makipagkuwentuhan kagabi. Napatingin siya sa orasan na nakasabit sa pader sa ulunan ng TV. Pasado alas cinco na ng umaga.

“Shit! Ma-le-late ako.”

Nagmamadali siyang nagtungo sa banyo para maligo. Wala pa yatang sampung minuto ay lumabas na rin siya roon, nakatapis lang. Tumakbo siya papunta sa kuwarto. Muli niyang nadaanan si Marco na natutulog pa rin mula sa sala. Kaagad siyang nagbihis ng kanyang uniform. Sinuklay niya lang ang buhok. Hindi na siya nakapaglagay maski manipis na makeup dahil nagmamadali na siyang makaalis.

# 3

Quarter to six na ayon sa wrist watch niya. Hindi na niya ginising si Marco na natutulog pa rin. Mabilis ang lakad niya patungo sa sakayan ng jeep. Madali siyang nakasakay. Mabuti na lang at hindi uso ang traffic sa kanila kaya eksaktong alas sais ay nakarating siya sa eskuwelahan.

“Good morning, Ma’am De Luna,” bati ng co-teacher niya. Papunta ito sa open ground para sa flag ceremony.

“Good morning, Sir Herrera,” ganting bati niya rito. Sa eskwelahan, kahit na pare-parehas lang sila ng posisyon ay nakasanayan na nilang tawaging ‘ma’am’ at ‘sir’ ang bawat isa.

Na-conscious siya sa hitsura niya. Ang bumati pa naman sa kanya ay ang co-teacher niya na crush niya. Bagong transfer ito sa eskwelahan nila. Bihira ang guwapong teacher sa kanila kaya ito ang ‘latest hot’ sa school nila. Hindi lang siya ang nagpapa-cute dito. Pati ang ibang co-teachers niya na single ay nagpapa-charming din sa bagong Math teacher.

Kung dati ay nagsusuot siya ng two-inch heels

kapag papasok, ngayon ay flat shoes na ang ginagamit niya. Ang awkward kasing tingnan kapag napadikit siya sa lalaki nang naka-heels dahil nagmumukha siyang mas matangkad dito. Kapag flats ang suot niya, mag-slouch siya nang kaunti at nagpapatay na sila ng height.

Isa iyon sa mga bagay na hindi niya ipinagpapasalamat sa pagkakaroon ng dugong banyaga. Dahil nga matangkad siya, feeling niya ay nai-intimidate ang mga lalaki sa kanyang height kaya hindi siya naliligawan. O talagang hindi lang siya ligawin? Ewan ba niya.

Nasa panahon na sila ng smartphones, pero ang isip yata ng mga lalaki sa lugar nila ay nasa panahon pa rin ng analog. O habambuhay bang magiging standards ng mga lalaki na ang babae ay dapat babaeng-babae, iyong tipong kailangang ipagtanggol at protektahan?

Kung babae ka at ang height mo ay naglalaro sa five seven or five eight, hindi ka nga siguro magmumukhang damsel in distress, lalo't ka-height mo lang ang karaniwang Pinoy. Medyo big-boned pa naman si Gabby.

*Big boned nga ako pero maliit ang bewang ko at saka long legged. Kaya sexy pa rin ako, pangangatwiran*

niya.

May mga naglalakas-loob din naman na magpalipad ng hangin sa kanya at manligaw. Nga lang, wala siyang type sa mga iyon. Parang may hinahanap siya sa isang lalaki na hindi niya maintindihan kung ano. Hindi naman siya NBSB. Nagkaroon na rin si Gabby ng boyfriend noong nasa college siya, pero hindi rin iyon nagtagal. Mula nang mag-break sila ay hindi na iyon nasundan.

Hanggang sa dumating nga si Mr. Herrera. After seven years, ngayon lang ulit siya nakaramdam ng attraction sa isang lalaki. At wala siyang balak palampasin iyon. Kaya nga isa rin siya sa mga nagpapacute dito. Nami-miss na rin niyang magkaroon ng *someone*.

Hindi niya alam kung kailan ulit siya makakaramdam ng attraction sa isang lalaki kapag pinalagpas pa niya ito. Ang mga katulad pa naman niyang hindi ligawin at mahirap ma-attract ang may potential na maging matandang dalaga. Ayaw niyang mangyari iyon.

“See you at the flag ceremony,” nakangiting sabi nito sa kanya na nagpakita ng pantay-pantay na ngipin. Lalo itong gumuwapo sa paningin niya.

“Uh, see you.” Gusto niya pa sanang magpa-cute, kaya lang, bukod sa alam niyang hindi siya “at her best” nang umagang iyon, ma-le-late na rin siya. Babawi na lang siya mamaya. Ngayon, kailangan niya munang mag-time in.

Lalo niyang binilisan ang paglalakad papuntang faculty room. Halos takbuhin na niya iyon. Eksaktong six thirty nang mag-time stamp siya. Inilapag niya ang bag sa desk niya at pagkatapos ay humarap sa full length mirror na naroon sa loob ng faculty room. Sinadyang lagyan ng salamin doon para lagi raw nilang ma-check ang appearance nila. Kailangan ay lagi silang presentable sa harap ng mga estudyante nila.

Nalukot ang mukha ni Gabby nang makita ang makulit niyang kulot na buhok sa paligid ng mukha niya. May namumuo na ring pawis sa noo niya dahil sa ginawang pagmamadali kanina. Kaagad niyang sinuklay ang buhok at ipinusod iyon. Naglagay siya ng kaunting hair moisturizer para magmukhang malinis ang pagkakapusod, at nagpahid na rin siya ng manipis na face powder at lipstick.

Nang makuntento sa hitsura ay lumabas na siya para sa flag ceremony. Kung kanina ay nagmamadali siya, ngayon ay composed na ang kilos niya. Relaxed



na ang lakad niya. Binabati siya ng mga batang nakakasalubong niya.

Isang ngiti ang napagkit sa labi niya nang matanaw ang advisory class niya. Nakapila na nang maayos ang mga ito. Pero hindi iyon ang dahilan kung bakit nakangiti siya. Sa tabi ng klase niya ay ang advisory class naman ni Sir Herrera. At nakatingin uli ang guwapong guro sa kanya habang papalapit siya. Nakangiti ito sa kanya na tila talagang hinihintay siya.

Sa totoo lang, last week pa niya napapansin na tila extra friendly ito sa kanya. At ilang beses niya itong nahuhuling nakatingin din kapag napapatingin siya rito. At ngayon nga, ang ekspresyon ng mukha nito ay parang tuwang-tuwa ito na makita siya.

*Lord, sign na ba ito na magkaka-boyfriend na ulit ako?*

“You’re just in time,” mahinang sabi nito sa kanya nang makalapit na siya rito. Ang mga teachers ay nakapuwesto sa harap ng pila ng mga hawak nilang klase. At magkatabi sila ni Mr. Herrera.

“Buti na lang nakahabol pa,” mahina ring sagot ni Gabby.

Hindi na ito nakasagot nang magsimula nang tumugtog ang *Lupang Hinirang*. Pero nakita niya sa

gilid ng mata niya na binigyan pa siya nito ng isang sulyap bago tumingala sa watawat.

Nang matapos ang flag ceremony at morning exercise ay tumuloy na sila ng mga estudyante nila sa mga respective classrooms nila. Hindi na sila nakapag-usap pa ni Mr. Herrera, pero ayos lang. Pakiramdam ni Gabby ay buo na ang araw niya.

---

Nalaglag ang panga ni Gabby sa nadatnan niya sa bahay. Hindi lang siya basta napanganga, natulala rin siya at pagkuwa'y napalunok.

Pagpasok niya ng pinto ay nabungaran niya si Marco na naglilinis ng bahay, kasalukuyan itong nagkukuskos ng sahig gamit ang basahan sa kanang paa at bunot naman sa kaliwa. Hindi sa ginagawa nito siya napatulala kundi sa hitsura nito. Naka-shorts lamang ito at hubad-baro. Tumatagaktak ang pawis mula sa mukha nito papunta sa malapad na mga balikat pababa sa ma-muscle na dibdib hanggang sa six pack abs nito.

Alam niyang maganda ang katawan ni Marco dahil nakikita niya naman iyon sa mga posters at sa TV, pero makalaglag-panga pa rin pala kapag sa personal. Parang ang tigas ng mga muscle nito at

parang ang sarap haplusin. Ang malapad nitong dibdib ay tila kay-sarap sandalan. At sa bawat galaw nito ay naggagalawan din ang mga naka-expose na muscle nito.

Parang gusto niya tuloy lumapit dito at punasan ng tuwalya ang pawis nito at haplusin ang matambok na muscle sa dibdib at abs nito.

“Kanina ka pa diyan?” narinig niyang tanong ng binata na pumukaw sa pagmamasid niya rito.

Lumunok muna siya bago sumagot. Pakiramdam ni Gabby ay nanuyo ang lalamunan niya. “H-hindi, kararating ko lang.” Dumerecho na siya sa kuwarto. Ibinaba niya lang ang gamit at mabilis na nagbihis ng pambahay at pagkatapos ay lumabas na ulit sa sala para makitang muli ang magandang tanawin.

Nakaramdam siya ng kaunting pagkadismaya nang makitang nakasuot na ng sando ang binata.

*Hoy, Gabriella, hindi ka na bata. Umayos ka, saway niya sa sarili. Pero hindi niya talaga maiwasang maisip pa rin ang nakita kanina. Hindi pa siya nakakakita ng ganoon sa totoong buhay. Nakakakita siya ng magagandang katawan ng lalaki, pero sa TV lang, at wala iyong masyadong epekto sa kanya.*

Pero nang makita niya si Marco sa ganoong

ayos kanina, pakiramdam niya ay ibinalik siya sa panahong nagkagusto siya rito. Mas doble pa ngayon dahil nadagdagan na ang kaguwapuhan nito at puno ng muscle sa tamang lugar. Parang gusto niya ulit mag-swoon sa kaguwapuhan nito, pero pinigilan niya ang sarili.

“Ano’ng nakain mo at naisipan mong maglinis?” tanong niya nang makalapit dito.

“Nakakainip, eh. At saka ang dumi ng bahay mo. Kababae mong tao hindi ka marunong maglinis,” sagot nito sa kanya sa tonong nanenermon.

“Wala na kasi akong oras. Pag-uwi ko galing school pagod na ’ko, kapag weekend naman, update ng grades at lesson plan ang ginagawa ko,” paliwanag niya.

“Parang hindi babae ang nakatira rito. Wala pang laman ’yung ref mo kundi tubig ’tapos puro de lata lang ang pagkain mo,” patuloy na talak nito.

Bigla tuloy lumipad ang pagkatulo laway ni Gabby sa katawan nito kanina. Unti-unti iyong napalitan ng inis. Kung hindi lang ito naglinis ng bahay, pinatulan na niya ito.

“Hindi nga ako nagluluto kaya puro de lata ang nandiyan,” mahinahong sagot niya. “At isa pa, malay

ko ba na susulpot ka dito.”

“Mamalengke ka kaya ngayon para may makain tayo,” sabi pa nito. Naupo ito sa sofa. Tapos na yata itong maglinis.

“Pwedeng bukas na lang? Gabi na po kasi, o. At saka pagod na ’ko. Pagtiyagaan mo na lang muna kung ano’ng nandiyan.”

“Ilagay mo nga dito ang cellphone number mo para matawagan kita kapag may kailangan ako. Dapat kasi iti-text kita kanina na dumaan sa palengke kaya lang wala pala ’kong number mo. Hindi ko naman makontak si Mommy kanina para mahingi ko sa kanya.”

Kinuha niya mula rito ang iniaabot na cellphone. Matapos niyang i-save ang number niya roon ay isinauli niya rin iyon.

“Magluluto lang ako,” sabi niya at iniwan na ito saka nagtungo sa kusina.

In fairness, ang linis na ng kusina niya. Nawala na ang mga bakas ng pinagtalsikan ng ulam kapag naggigisa siya ng corned beef at sardinas. Pati lababo niya malinis din. Okay rin naman pala itong kasama. Nagkaroon tuloy siya ng tagalinis.

Sabagay, ayaw talaga ni Marco ng makalat. Naalala niya noon, mas mukha pang kuwarto ng lalaki ang kuwarto niya kaysa sa kuwarto nito dahil ang sa kanya ay laging magulo, ultimo kumot niya ay hindi niya tinutupi pagbangon niya. Samantalang ang kuwarto nito, lahat nakaayos. Wala siyang nakikitang gamit nito na nakakalat.

Tumingkayad si Gabby para maabot ang mga delata na nasa cupboard. Pati iyon ay nilinis ng lalaki, wala ni alikabok sa ibabaw. Pati yata kasulok-sulukan ng bahay ay nilinis nito. Maging ang kuwarto niya kanina pagpasok niya ay napansin niya ring malinis na. Parang nakonsyensya tuloy siyang pakainin ito ng delata.

Bumalik ulit siya sa sala. Kasalukuyan na itong nanonood ng TV, nasa sports channel. Iniiwasan siguro nitong makapanood ng balita tungkol sa kinasasangkutan nitong kontrobersya.

“Pahiram ng susi ng sasakyan,” sabi niya rito sabay lahad ng kamay.

“Bakit?” kunot noong tanong nito.

“Pupunta ’kong palengke. Ano ba’ng gusto mo? Bibilhin ko, pero ikaw magluto.”

“Bukas na lang. Pagod ka na rin, eh,” sagot nito.

“Sigurado ka?”

Tumango ito. “At saka gutom na ’ko, matatagalan pa tayong kumain kapag namalengke ka pa.”

“Ikaw ang bahala.” Iyon lang at bumalik na si Gabby sa kusina. Nagsalang muna siya ng sinaing at saka naggisa ng ulam. Mayamaya ay naulinigan niyang nagsasalita si Marco. Akala niya ay siya ang kinakausap nito kaya sinilip niya ito sa sala, pero nakita niyang hawak nito ang cellphone sa tainga, at nakakunot ang noo nito habang matamang nakikinig sa kausap. Tahimik siyang bumalik sa kusina at muling ipinagpatuloy ang pagluluto.

Eksaktong natapos siyang maggisa ay paluto na ang kanin. Hindi na siya bumalik sa sala. Inihanda na lamang niya ang lamesa.

---

“Maraming salamat, Mama Lettish,” sabi ni Marco sa kanyang manager. Tinawagan siya nito para ibalita na natuklasan na ng mga pulis kung saang hotel kuha ang larawan.

Sa ngayon ay kinikilala na ang lalaking kasama niya umano roon. Maaasahan talaga ang manager niya. Kahit papaano ay nabawasan ang pag-aalala niya. May pag-asa nang magkaroon ng linaw ang

eskandalong kinasangkutan niya. Muling nag-ring ang cellphone niya. Binasa niya ang pangalan na nag-register sa screen.

It was Sherry.

Halos kasabay niya itong nagsimula sa industriya. Pipirma na sana sila noon ng contract sa isang network bilang loveteam, pero hindi natuloy dahil medyo may attitude problem ang babae. May pagkasuplada ito sa mga fans at may pagkamataray kahit sa katrabaho. Lagi itong laman ng balita, puro negative ang lumalabas at hindi iyon nagustuhan ng network.

Sinubukan itong kausapin ni Mama Lettish noon dahil ito rin ang dating manager ng babae, pero talagang matigas ang ulo ni Sherry. Napilitan si Mama Lettish na bitawan ito nang pati ito ay makompromiso na rin sa mga directors at producers dahil laging late sa location ng project ang *primadonna*.

Ang gusto nito ay laging special treatment. Akala noon ni Marco, pati siya ay hindi na isa-sign up. Mabuti na lang at maagap ang manager niya at nakipag-usap kaagad sa nasabing TV network kaya nakapirma pa rin siya ng kontrata.

Ngayon, lumalabas-labas na lang sa commercials



si Sherry, at paminsan-minsan ay nabibigyan ng supporting role sa mga soap opera. She was also one of the girls that he went out with. They bumped into each other from time to time.

Katulad ng ibang babae, si Sherry ay tumatawag din sa kanya paminsan-minsan para magyayang lumabas. Kung wala siguro si Marco sa sitwasyon niya ngayon, malamang ay sinagot na niya ang tawag nito at pinatulan ang good time na iaalok nito.

Naputol ang pagmumuni-muni niya nang tawagin siya ni Gabby mula sa kusina para yayaing kumain. Agad siyang tumayo at nagtungo sa kinaroroonan nito. Naaamoy niya ang ginisang corned beef at lalong kumalam ang sikmura niya.

“Maupo ka na,” sabi ni Gabby sa kanya nang malingunan siya. Kasalukuyan itong nagsasandok ng kanin. Nang matapos ay dumulog na rin ito sa hapag.

Nagsimula na silang kumain. Habang ngumunguya ay hindi niya maiwasang mapatingin sa kaharap. Nakataas pa ang isang paa nito sa upuan. Bahagyang naiipit ng tuhod ang kaliwang bahagi ng dibdib nito. Sandong asul lang ang suot nito na may manipis na tirante. Tuloy, bahagyang na-expose ang kapiraso ng ibabaw na bahagi ng maputing dibdib nito.

Muli itong sumubo ng pagkain. Tila slow motion sa paningin ni Marco nang bahagyang lumabas ang dila nito para salubungin ang kutsara. Maging ang paggalaw ng lalamunan nito nang lumunok ay wala sa loob na pinanood niya. Muli itong sumubo, ganoon ulit ang ginawa nito, muling lumabas nang bahagya ang dulo ng dila nito para salubungin ang kutsara, nang may naiwang butil ng kanin sa labi nito ay ginamit nito ang dila para ipasok iyon sa bibig. Hindi sinasadyang napalunok siya, pakiramdam niya ay nanuyo ang lalamunan niya.

He didn't know that eating could be sexy. Dinampot niya ang baso para uminom ng tubig. Nabigla yata siya sa pagtungga kaya nabulunan siya.

“Ayos ka lang?” tanong ni Gabby nang marinig ang sunod-sunod na pag-ubo niya.

Hindi makapagsalita si Marco dahil ayaw tumigil ng pag-ubo niya. Tumayo ito at lumapit sa kanya. Hinagod-hagod nito ang likod niya at mahinang tinapik-tapik.

“Dahan-dahan lang kasi,” sabi nitong patuloy sa paghimas.

Mayamaya lang ay nahimasmasan na siya. Bahagyang nakayuko ang babae at nakatunghay sa

kanya. Nang ipihit niya ang leeg para tumingala at tingnan ito ay ang dibdib ni Gabby ang sumalubong sa mga mata niya. Muli siyang napalunok, at nag-init ang mukha niya.

Parang walang kamalay-malay ang dalaga sa nangyayari sa kanya.

“Tingnan mo, namumula ka na. Dahan-dahan lang kasi ang pag-inom at pagsubo para hindi ka nabibilaukan.”

Kung alam lang nito ang totoong dahilan ng pamumula niya.

“Okay na ’ko,” sabi niya rito. Inalis naman nito ang kamay mula sa likod niya at bumalik na sa upuan. Muli nitong inangat ang isang paa. Naipit na naman ang isang dibdib nito at bahagya ulit na-expose ang kapisasong bahagi niyon.

“Ibaba mo nga ’yang paa mo, para kang hindi babae,” sabi niya rito.

“Bakit ba?” angal nito. “Masarap kayang kumain nang nakataas ang paa.”

“Masagwang tingnan.”

“Wala namang ibang tao, eh.”

“Ano’ng tingin mo sa ’kin? Hindi tao?”

“Alam mo na ang ibig kong sabihin.”

“Basta, ibaba mo.”

“Ayoko nga,” pagmamatigas nito.

Tumayo si Marco sa kinauupuan at lumapit sa dalaga. Sinundan siya nito ng tingin.

Hinawakan niya ang bukong-bukong ng paa nitong nakataas at hinila iyon pababa.

“Aray!” sabi nito nang tumama ang tuhod nito sa lamesa bago niya iyon tuluyang naibaba.

“Sorry, ikaw kasi ang kulit mo ayaw mo pang ibaba,” sabi niya nang makabalik na sa kinauupuan niya.

“Ang laki ng problema mo,” bulong nito pero hindi na ulit iniangat ang paa at ipinagpatuloy na ang pagkain. Maging siya ay tahimik lang na ipinagpatuloy na ang pagsubo.